# Hair Stylist

Isang uri ng trabaho na nagpuputol, nagkukulay at nagkukulot ng buhok ng mga kustomer.



Panayam kay
Ginang Noriko Takeda,
Tagapangulo ng
Shizuoka-ken Biyōgyō
Seikatsu Eisei Dōgyō Kumiai




## Gawain ng hair stylist

### Benepisyo ng trabaho

Napapasaya at nakakatanggap ng pasasalamat mula sa mga kustomer dahil napapaganda sila para sa karaniwang araw at maging sa espesyal na okasyon.
Nakakausap ang iba't ibang kustomer.

### Mga taong angkop sa trabahong ito

Mga taong mahilig pagandahin ang ibang tao.
Mga masayahin at palangiting tao.
Mga taong nais na pagbutihin ang sarili at pinag-iisipan nang mabuti ang mga bagay-bagay.

### Para maging isang hair stylist

Kinakailangan ang pambansang sertipikasyon na "lisensya ng hair stylist".
①Pagkatapos kumuha ng kurso sa pagsasanay para sa mga hair stylist na itinakda ng pambansang pamahalaan, kumuha ng eksam at kapag naipasa ito, mabibigyan ng lisensya.
②Mag-aral ng 3 taon na correspondence na kurso habang nagtatrabaho sa beauty salon. Kumuha ng eksam at kapag naipasa ito, mabibigyan ng lisensya.



Pakinggan ang gusto ng kustomer at gupitin ang buhok ayon sa gusto nila.



Mahusay na paghuhugas sa buhok ng kustomer.

### Saan maaaring magtrabaho?

Ang mga pangunahing pinagtatrabahuan ay mga beauty parlor. Maaari ring magtrabaho sa mga wedding halls na may serbisyo ng pag-aayos ng buhok at make-up, kumpanya na nagseserbisyo ng pag-aayos ng buhok at make-up at mga beauty salons.
Maraming hair stylist rin ang nagtatayo ng sariling beauty salon sa kalaunan.

### Maaari bang magtrabaho kahit walang lisensya?

Kapag mayroong lisensya bilang hair stylist, maaari kang gumupit ng buhok ng kustomer.
Kapag wala pang lisensya, maaari kang maging katulong ng hair stylist sa pagtanggap ng kustomer, paglilinis at paglalaba.

### Ano ang maaari kong gawin sa ngayon?

Pag-aralan at alamin ang mga usong istilo ng buhok sa pamamagitan ng instagram at mga magasin.
Hindi namin inirerekomenda na magsanay sa paggugupit sa mga kaibigan.
Pag-aralang mabuti ang mga pangunahing pamamaraan sa paggugupit. Mas mabilis kang gagaling sa paggupit sa pamamagitan nito.

**Message**

Mahalaga ang teknikal na kakayahan sa trabaho ng hair stylist. Ngunit mahalaga rin ang maayos na pakikitungo sa kustomer. Kung pag-aaralang mabuti ang pangunahing pamamaraan sa pag-gugupit, bubuti ang sariling kakayahan. Kahit hindi masyadong nakakapagsalita ng Nihongo, pinakamahalaga na marunong makipag-usap sa mga kustomer nang nakangiti at masaya. Isaisip palagi na makipag-usap nang nakangiti sa pamilya at mga kaibigan.

Kapag interesado sa trabahong ito

Telepono

Shizuoka-ken Biyōgyō Seikatsu Eisei Dōgyō Kumiai

Tel 054-251-2638